



## Sangay ng Salita at Gramatika

### Gabay sa Pagbuo ng Ortograpiya ng mga Wika ng Filipinas

Ang ortograpiya ay isang manwal o gabay na naglalaman ng mga tuntunin sa pagbaybay o ispeling para sa isang wika. Kasama sa manwal nito ang mga grafema o mga simbolong kumakatawan sa ponema o makabuluhang tunog at mga katangian ng isang wika. Sa Filipinas, madalas ang ortograpiya ay nasa anyo ng isang aklat.


Ginagamit ang mga ortograpiya bílang gabay sa ispeling para sa mga textbook, diksiyonaryo, mga pahayagan, at iba pang publikasyon. Isa rin ang ortograpiya sa hinahanap ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) bago magsimula ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa isang partikular na wika. Kung gayon, isa sa pangunahing makikinabang sa mga mabubuong ortograpiya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang DepEd at mga kasangkot nito—mag-aaral, guro, atbp. Kasama ng DepEd, inaasahang makikinabang din ang mga manunulat, midya, tagasalin, atbp. Sa maraming komunidad din, ang ortograpiya ang nagiging simbolo ng pagkilala ng Estado sa kanilang wika.

Sa pagbuo ng ortograpiya ng KWF, sinusunod nito bílang framework ang idea ng armonisasyon. Sa armonisasyon, sinusubukan ng KWF na bumuo ng mga ortograpiyang nagsisimbolo sa mga magkakatulad na katangian sa pareho o magkakatulad na paraan. Ginagamit ang Ortograpiyang Pambansa (OP), na nasa *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*, ang ortograpiya para sa wikang pambansang Filipino, bílang pangkalahatang modelo sa mga binubuong ortograpiya. Inaasahan na sa pagbuo ng mga armonisadong ortograpiya o paraan ng pagsulat, mapadadali ang pagtutulay ng kaalaman sa pagbasa mula sa katutubong wika tungo sa Filipino lalo na sa mga batang mag-aaral. Pero, bílang pagkilala sa angking diversidad ng wika sa bansa, tinatanaw na may mga katangian ang mga katutubong wika na wala sa Filipino, at sa OP. Kaya naman binibigyan din ng puwang na magdagdag o kaya ay magbawas ng tuntunin sa OP ang mga binubuong ortograpiya.

Bukod sa pagtulong sa DepEd at MTB-MLE na pangunahing layunin ng KWF sa pagbuo ng ortograpiya, inaasahan na makatutulong din ito sa pagpapalaganap ng kultura ng pagsusulat at pagbabasa sa mga katutubong wika ng bansa, at kung gayon sa pangkalahatang paggamit at sigla ng mga katutubong wika sa Filipinas.



## Mapa ng Proseso sa Pagbuo ng Ortograpiya para sa mga Wika ng Filipinas





## Pakikipag-ugnayan

Mayroong dalawang posibleng paraan ng pagsisimula ng isang partikular na proyekto ng pagbuo ng ortograpiya: (1) inimitahan ang KWF ng komunidad o ng isang organisasyon, o (2) KWF ang pasimuno ng proyekto. Batay sa karanasan ng KWF sa implementasyon ng programang ito, ang mga institusyong madalas na katuwang ng KWF ay ang sumusunod:

1. Lokal na dibisyon ng DepEd
2. Lokal na yunit ng pamahalaan (LGU)
3. Sentro ng Wika at Kultura (SWK)
4. Mga NGO
5. Lokal na pamantasan
6. Manunulat at/o grupo ng manunulat

Imbitahan man ang KWF, o pangunahan man nito ang isang partikular na proyekto, inaasahang ang katuwang ang mangunguna sa paghahanda para sa oryentasyon lalo na sa pag-imbita ng kalahok, pagtukoy ng venue, at paghahanap ng caterer. Ito ay dahil inaasahang mas madali sa mga lokal na katuwang ang makipag-ugnayan sa mga indibidwal at institusyong kakailanganin sa proyekto. Pagdating naman sa pinansiyal na aspekto, hangga't maaari ay makatulong ang lokal na DepEd, at LGU rito dahil ang kanilang komunidad ang inaasahang pangunahing makikinabang sa proyektong ito. Ngunit sa mga pagkakataon na hindi ito posible, maaaring maglaan ang KWF ng dagdag na pondo kaugnay nito, depende ito kung mayroong pondo at sa desisyon ng Tagapangulo ng KWF.

Bílang bahagi ng tungkulin ng KWF ang pagbibigay ng teknikal na suporta at kaalaman sa pagbuo ng ortograpiya, sasagutin ng KWF ang anumang gastos ng mga kawani at opisyal nito kaugnay ng proyekto. Maging sa mga pagkakataon na ang KWF ang iniimbitahan, hindi obligado ang lokal na katuwang na sagutin ang anumang gastusin ng mga kawani at opisyal ng KWF.

## Saliksik

Pagkatapos sumang-ayon ng KWF at ng lokal na katuwang na magtutulongan sa pagbuo ng isang ortograpiya, ang susunod na hakbang ay ang pagsasagawa ng paunang pananaliksik hinggil sa wika. Ilan sa mga aaralin ng KWF sa bahaging ito ang (1) ponolohiya ng wika, partikular ang mga ponema nito; (2) ang kasalukuyang tradisyon o paraan ng pagsulat kung mayroon, at inaasahan ang tulong ng lokal na katuwang hinggil dito, lalo na ng DepEd; (3) pagsusuri ng mga nakasulat na akda; (4) mga morpoponemikong proseso ng wika, kung mayroon nang pag-aaral hinggil dito. Bubuo ng ulat hinggil dito ang mga mananaliksik ng KWF.

Kung ang komunidad at/o lokal na katuwang ay interesado sa pagsisimula ng proyekto para sa isang naitalang wikain sa *Atlas ng mga Wika ng Filipinas (2016)*, kakailanganing magsagawa ng dagdag na pagsusuri hinggil dito. Maaaring tingnan ang dagdag na detalye dito sa bahagi ng Pagtugon sa mga Isyu sa ibaba.



## Oryentasyon sa Pagbuo ng Ortograpiya

Ihaharap naman ang mabubuon ulat ng pananaliksik sa komunidad sa isang oryentasyon. Ipakikilala rin sa oryentasyon ang OP at ang programa ng armonisasyon ng ortograpiya ng mga wika ng Filipinas. Pangungunahan ang oryentasyon na ito ng mga mananaliksik ng KWF, at ng Komisioner para sa wikang kaugnay ng proyekto.

Sa paglalahad naman ng resulta ng isinagawang saliksik, susubukin itong isagawa sa *participatory* na lapit. Hihingin ang input ng mga kalahok sa pagbabalida ng resulta ng pananaliksik. Pagkatapos mabalida ng resulta ng pananaliksik, gagamitin ang resulta nito sa pagbuo ng mga tuntunin at/o unang borador ng ortograpiya. Bagamat gagamitin ang OP bílang batayan at modelo sa armonisasyon ng ortograpiya, iiwasan ang direktang pagsasalin lámang nito sa target na wika upang maiwasang maihulma ang ortograpiya sa mga tuntunin ng OP at upang matiyak na ang mga tuntunin ay akma sa target na wika. Sa pagbuo ng unang borador, prioridad na maisulat ang bahaging nasa target na wika. Hindi muna magsasalin sa Filipino sa bahaging ito.

Ang dami ng mga kalahok, at ang kinakatawan nilang mga sektor ay nakabatay sa konteksto ng target na wika. Gayundin ang haba ng oryentasyon ay nakabatay sa dami ng inaasahang trabaho.

### Pagsulat o Pag-eedit ng Borador

Ang bigat ng trabaho dito ay nakabatay sa dami ng awtput sa oryentasyon. Maaaring iedit na lámang ang borador o kaya ay isusulat pa ito kung mga tuntunin pa lámang ang nabuo sa oryentasyon. Sunod ay isasalin na sa Filipino ang mga tuntunin na nasa target na wika.

Pinakamahalagang gawain sa yugtong ito ng proyekto ang pagsusuri ng mga tuntunin. Susuriin ang konsistensi ng mga tuntunin upang matiyak na walang tuntuning magkasalungat sa ortograpiya. Hulí, susuriin din kung armonisado ba ang mga tuntunin nito sa OP, at kung ano ang posibleng solusyon o kompromiso kung may tuntuning hindi armonisado.

Pagkatapos ng pag-eedit at pagsusuri, isusumite ito ng mananaliksik ng KWF at ng mga manunulat sa Opisina ng Tagapangulo para hingin ang pahintulot na magsagawa ng konsulasyon.

### Konsultasyon sa Ortograpiya

Sa konsultasyon, ihaharap na sa komunidad ang nabuong ortograpiya. Inaasahang dadaluhan ito ng mas maraming kalahok kaysa sa oryentasyon, at hangga't maaari ay may kinatawan ang lahat ng kasangkot na sektor: DepEd, LGU, midya, mga manunulat, mga tagasalin, mga mananaliksik, atbp. Bukod sa mga nabanggit na sektor, titiyakin din na makasasama sa konsultasyon ang organisasyon o institusyong nakaugnayan ng KWF para sa proyekto. Nagtatagal ang mga konsultasyon ng kalahating araw hanggang isang buong araw.



Sa isasagawang presentasyon ng borador, bibigyan-diin ang mga tuntuning binago dahil nakitang may sinasalungat itong tuntunin sa mismong ortograpiya o kaya sa OP para makuha ang opinyon dito ng ibang miyembro ng komunidad. Susuriin din ang mga pangungusap at salita para matiyak na akma at hindi nakalilito ang mga pahayag sa ortograpiya. Kung sasang-ayon ang ibang kalahok sa konsultasyon, ipapasok na ang mga mungkahing pagbabago sa borador.

#### Pagsasapinal, Pagpapalabas ng Kapasiyahan, at Paglilimbag ng Ortograpiya

Para maisapinal ang ortograpiya, ipapasok na rito ang mga nakuhang komento mula sa konsultasyon. Pagkatapos nito ay ika-copy edit na ito ng mga mananaliksik ng Sangay ng Salita at Gramatika (SSG) bago ito ibigay sa layout artist. Bilingguwal ang gagawing ayos ng ortograpiya at unang ihanap ang target na wika. Ibig sabihin, sa pamagat ng ortograpiya, mauuna ang pamagat sa target na wika, at nasa ilalim nito ang pamagat sa Filipino. Halimbawa:

## ORTOGRAPIYA NI PARANAN

---

### Ortograpiyang Paranan

Sa nilalaman naman ng ortograpiya, ilagagay sa verso o kaliwang pahina ang nakasulat sa target na wika habang nasa recto o kanang pahina ang salin sa Filipino.

## 1 | GRAFEMA NA GADDANG

Palungo a gakkad na ortografiya e antu ino pangiyekwa si grafema so passapit anna pabbanggat takesi mabibbid, maintindihan anna mabanggat si fustu ino sapit na Gaddang. Grafema ino payag so tata grupu na simbulo a usa-usan so patturak si sapit. Ilawum na grafema na Gaddang ino letra anna bakkan a letra.

### 1.1 Letra

Ino letra e simbulo na uni si passapit. Melawum iyaw ino pokable anna konsonante. Ino pattaruntufad na letra ira e maayan si alfabeto.

Ana adwafulu walu (28) a letra ino alfabeto na Gaddang. Mabanggat onnu mabibbid ino ngan na kada letra so istilu na Ingles udde bakkan so Ññ a mabanggat so istilu na Español.

Aa ay	Bb bi	Cc si	Dd di	Ee i	Ff ef	Gg dgy
Hh egts	Ii ajj	Jj djajj	Kk kajj	Ll el	Mm em	Nn en
Ññ enajj	NGng enajj	Oo o	Pp pj	Qq kqj	Rr ar	Ss es
Tt ti	Uu u	Vv vi	Ww diwajj	Xx eks	Yy wajj	Zz zi

So 28 a letra, walu (8) ino takkaw a letra: C, H, I, Ñ, Q, V, X, Z. Ana adwafulu (20) a letra a meantu so natural a uni na Gaddang a netuntul so pakkira-kira so sistema na uni so sapit na Gaddang. Ino pakaitan na pakkira-kira e mabibbid mamefu so don 14 kiyad si 19 iyaw a manwal.

## 1 | ANG GRAFEMA NG GADDANG

Pangunahing layunin ng ortograpiya ay ang paglalagay ng grafema sa pagsalita at pagbigkas upang mabasa, maintindihan at mabigkas nang tama ang salitang Gaddang. Grafema ang tawag sa isang grupo ng simbolo na ginagamit sa pagsulat ng salita. Ang mga grafema sa Gaddang ay binubuo ng titik at di-titik.

### 1.1 Titik

Ang titik ay isang sagisag sa tunog sa pagsasalita. Kinabibilangan ito ng patinig at ng katinig. Ang serye ng mga titik ay tinatawag na alpabeto.

Mayroong dalawampu't walong (28) titik ang alpabetong Gaddang. Binibigkas o binabasa ang pangalan ng bawat titik sa pamamaraang Ingles maliban sa Ññ na binibigkas sa pamamaraang Español.

Aa ay	Bb bi	Cc si	Dd di	Ee i	Ff ef	Gg dgy
Hh egts	Ii ajj	Jj djajj	Kk kajj	Ll el	Mm em	Nn en
Ññ enajj	NGng enajj	Oo o	Pp pj	Qq kqj	Rr ar	Ss es
Tt ti	Uu u	Vv vi	Ww diwajj	Xx eks	Yy wajj	Zz zi

Sa 28 na titik, walo (8) ang hiram na letra: C, H, I, Ñ, Q, V, X, Z. May dalawampung (20) titik para sa natural na tunog ng Gaddang na ibinase sa pagsusuri sa sistema ng tunog sa salitang Gaddang. Ang resulta ng pagsusuri ay mababasa sa pahina 14 hanggang 19 ng manwal na ito.

Pagkatapos itong mai-layout, ipapasa naman ito ng SSG sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) para sa muling pag-copy edit dito bago ito isumite sa Opisina ng Tagapangulo, at sa Kalupunan ng mga Komisioner ng KWF (Kalupunan).

Pag-uusapan ito ng Kalupunan sa isa sa mga buwanan nilang pagpupulong upang matiyak na ang nabuong ortograpiya ay kasiya-siya sa kanilang pamantayan. Kung nakamit ng binuong ortograpiya ang pamantayan ng Kalupunan, maglalabas sila ng Kapasiyahan o Resolusyon kaugnay nito na nagsasaad na binibigyan ng KWF ng imprimatur ang naturang ortograpiya. Saka ito ikukuha ng SEN at SSG ng International Standard Book Number o ISBN at ang petsa ng paglalabas ng Kapasiyahan ng Kalupunan ang siyang itatakdang petsa ng paglilimbag ng naturang ortograpiya.

Maglilimbag ang KWF ng hindi bababa sa 1,500 na sipi ng bawat ortograpiya para sa una nitong paglilimbag. Maaaring madagdagan ang sipi sa unang limbag depende kung mayroon pang pondo, lalo na sa malalaking wika ng bansa. Ang karapatang-sipi ng mga mabubuong ortograpiya ay ibibigay sa mga pangunahing katuwang sa proyekto at KWF. Bibigyan din ang bawat katuwang ng file ng pinal na borador at maaari nila itong ilimbag nang hindi na humihingi ng pahintulot sa KWF.

### Pamamahagi ng mga Sipi

Ipadadala ng KWF ang mga limbag na sipi ng ortograpiya sa pangunahing katuwang sa pagbuo nito. Dahil DepEd din ang pangunahing nais na matulungan ng KWF sa programang ito, sila ang priyoridad na mabibigyan ng mga sipi. Ipauubaya na rin sa lokal na yunit ng DepEd ang pamamahagi nito sa mga nangangailangang paaralan at guro.



## Mga Salik na Dapat Isaalang-alang

Kasama sa pagpapaliwanag ng idea at programa ng armonisasyon ng mga ortograpiya, at pagtuturo ng Ortograpiyang Pambansa, pag-uusapan at pagpaplanuhan din sa mga oryentasyon ang mga hakbang na kailangang gawin sa pagbuo ng mga ortograpiya. Kaugnay nito, kailangang isaalang-alang ang magkakaibang konteksto ng mga wika ng Filipinas, gaya ng sumusunod:

### a. Tradisyon ng pagsulat

Bukod sa Filipino at Tagalog na pinagbatayan nito, marami sa malalaking wika ng bansa ay may mahahabang tradisyon na ng pagsulat na kadalasang ipinagpapatuloy ng grupo ng mga manunulat, at minsan pati ng midya. Dagdag pa rito, may mga wika ring nagsimulang magsulat ng kanilang wika dahil sa pagsasalin dito ng mga relihiyosong kasulatan. Simula rin noong 2012, maraming komunidad ang nagsimulang magsibuo ng kani-kanilang ortograpiya upang magamit ito sa MTB-MLE. Bunsod nito, may pagkakataon na may magkakaibang tuntunin sa pagsulat ang mga ortograpiya. Halimbawa nito ang pagsulat ng GUI at GI para sa pantig na [gi], ang pagsulat sa impit na tunog [ʔ] bílang gitling o kudlit.

Kadalasan ang mga tuntuning tinutukoy sa itaas ay bunsod ng impluwensiya mula sa wika ng mga dayuhan partikular na ng Español. Pumasok ang mga tuntuning ito dahil sa mahabang kasaysayan ng pagdodomina ng mananakop sa Filipinas. Dahil batay ang tuntunin na ito sa sistema ng ibang wika, may pagkakataong hindi ito akma sa mga wika ng Filipinas na maaaring makaapekto sa pagtuturo ng pagsulat sa wika. Dahil dito, kailangang ibalanse ang pagsasaalang-alang sa tradisyon at sa pagiging akma sa katangian ng target na wika.

### b. Antas ng dokumentasyon ng wika

Susunod na dapat isaalang-alang ang antas ng dokumentasyon ng wika, partikular na sa larang ng ponolohiya at mga morpoponemikong proseso. Mahalagang matukoy ito dahil kinakailangang maging accurate at akma ang mga tuntunin ng ortograpiya sa estruktura ng wika. Kung gayon, kung kakaunti o wala pang ganitong pag-aaral sa wika, kinakailangang suriin ito bago o sa mismong oryentasyon.

### c. Wika o Diyalekto

Ang pagtukoy sa estado ng pananalita ng isang komunidad bílang nagsasariling wika o diyalekto ng isang mas malaking grupo ay hindi nasasakop ng programang ito. Ngunit, kailangang isaalang-alang ito sa pagpaplano lalo na kung iba ang pananaw ng komunidad hinggil dito kaysa sa datos ng *Atlas ng mga Wika ng Filipinas (2016)*. Mahalaga ding maaral nang husto ang baryasyon ng wika dahil nilalayong makapaglagay ng tuntunin kaugnay nito.



d. Para kanino ang ortograpiya

Sa pangkalahatan, inaasahan na gagamitin ng buong komunidad ang ortograpiyang bubuuin para sa kanila ngunit bilang ang pangunahing layunin ng programang ito ay upang tugunan ang kahingian para sa MTB-MLE, pangunahing target din ng ortograpiyang ito ang mga mag-aaral at ang kabataan. Dahil dito, kung ang mabubuong ortograpiya ay may pagkakaiba sa kinagisnang ortograpiya ng iláng grupo o institusyon, hindi ipipilit sa kanila ang paggamit ng mabubuong ortograpiya. Sa kabila nito, inaasahan na kalaunan ay mapag-usapan din ang pagbuo ng isang ortograpiya na ikasisiya ng buong komunidad.

e. Katutubong paraan ng pagsulat

Bagamat kakaunting grupo na lámang ang gumagamit ng mga katutubong ortograpiya o Philippine paleographs, posibleng ilan sa mga ito ang pipiliin pa ring gamitin ang katutubong ortograpiya kaysa sa mas modernong ortograpiyang batay sa sistemang Romano. Sa mga pagkakataong ito, nararapat lámang na ipaubaya sa komunidad ang pagdedesisyon hinggil dito. Sa kasamaang palad, dahil walang sapat na kaalaman ang KWF hinggil sa pagsuporta sa pagpapaunlad ng ganitong uri ng ortograpiya, wala ring maibibigay na tulong ang KWF sa mga komunidad. Sa ngayon, limitado ang programa sa pagbuo ng ortograpiya sa mga ortograpiyang nakabatay sa sistemang Romano.

Mga Sitwasyong Posibleng Kaharapin

Kaugnay ng mga nabanggit na usaping kailangang isaalang-alang, mayroong apat na posibleng sitwasyon na kailangang paghandaan sa pagbuo ng ortograpiya. Ang apat na ito ay nakabatay sa lakas ng tradisyon ng pagsulat, at antas ng dokumentasyon ng wika. Malaking usapin man ang estado ng isang diyalekto bílang nagsasariling wika o diyalekto ng isang mas malaking komunidad ngunit dahil hindi ito ang pangunahing tuon ng proyekto sa Pagbuo ng Ortograpiya ng mga Wika ng Filipinas, hindi muna ito isinama sa talakay dito.

Ang mga natukoy na sitwasyon ay ang sumusunod:

1. Wikang may malawak ang tradisyon ng pagsulat at may mataas ang antas ng dokumentasyon
2. Wikang may tradisyon ng pagsulat pero kakaunti ang dokumentasyon
3. Wikang malawak ang dokumentasyon pero walang tradisyon ng pagsulat
4. Wikang walang tradisyon ng pagsulat at walang dokumentasyon

Tingnan natin ang implikasyon ng bawat isa.

a. Mayroong malawak na tradisyon ng pagsulat at dokumentasyon

Inaasahan ang unang sitwasyon sa mga pinakamalalaking wika ng bansa, o iyong tinatawag na *major languages* gaya ng Hiligaynon, Ilokano, at Kapampangan. Dahil sa dami ng pag-aaral dito, hindi na kailangan magsagawa ng saliksik sa ponolohiya ng wikang ito. Maaari nang gamitin ang mga naunang pag-aaral bílang





batayan sa paglikha o pagsusuri ng mga tuntunin. Dagdag pa ryan, dahil sa pagkakaroon ng mahabang tradisyon ng pagsulat, mayroon nang batayang magagamit sa pagbuo ng manwal o gabay sa ortograpiya.

Kaakibat din ng pagkakaroon ng tradisyon sa pagsulat, madalas ay may isang grupong tumatayong awtoridad—kadalasan ito ay grupo ng mga manunulat. Kung gayon, mahalagang makuha ang suporta ng grupong ito, at makasama sila sa pagbuo ng ortograpiya. Nangangahulugan itong gagamitin din bílang batayan ang sariling gabay o manwal sa ortograpiya ng naturang organisasyon. May pagkakataon ding may dalawa o higit pang grupo na may magkaibang bersiyon ng ortograpiya, at bílang pagrespeto sa bawat grupo at sa kani-kanilang tradisyon, sisikaping makipag-ugnayan sa bawat grupo, at isasaalang-alang ang boses ng bawat isa sa proseso ng pagbuo ng ortograpiya. Siyempre, dahil ang pangunahing layunin ay makabuo ng ortograpiya na magagamit ng mga mag-aaral, sisikaping isama ang DepEd sa pagbuo ng mga ortograpiya.

Bílang inaasahan na may tradisyunal o kinagisnang ortograpiya nang ginagamit ang komunidad magsasagawa na ng pagsusuri ng mga tuntunin nito tungo sa pagpapaunlad nito, at pagtiyak na naisasagad ang armonisasyon nito sa OP. Kung sakaling may kakaharaping tuntunin sa pagsulat na hindi armonisado sa OP, susuriin ang pagiging akma o wasto ng kinagisnang tuntunin at ng tuntuning mula sa OP batay sa ponolohiya ng wika. Paghahambingin ang dalawa para matukoy ang kalakasan at kahinaan ng bawat isa, at ipaubaya ang pagpili ng tuntuning gagamitin sa komunidad. Mahalagang ibatay ang desisyon sa pagiging akma ng tuntunin sa ponolohiya ng wika, at naisagawa ito sa paraang maigagalang ang pagdedesisyon ng komunidad tungo sa empowerment nito.

Proseso	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Pananaliksik ng ponolohiya ng wika batay sa mga naunang pag-aaral</li><li>2. Pagsuri ng kawastuan ng kinagisnang ortograpiya batay sa ponolohiya ng wika, at tungo sa armonisasyon sa <i>OP</i></li><li>3. Pagbuo ng manuskrito batay sa pagsusuri</li></ol>
---------	---

b. Wikang may tradisyon ng pagsulat pero kakaunti o walang dokumentasyon

Dala ng programang MTB-MLE ng DepEd, nagsimulang magsibuo ng ortograpiya ang iba-ibang wika sa bansa sa pangunguna ng mga guro ng DepEd. Ilan sa ortograpiyang binuo ng DepEd kaugnay ng MTB-MLE ay maikakategorya sa naunang grupong nabanggit—may tradisyon ng pagsulat at malawak na dokumentasyon, kabilang dito ang mga komunidad na may ugnayan sa iba-ibang NGO. Ang ilang komunidad naman ay bumuo ng kanilang ortograpiya nang walang malalim na pag-aaral sa ponolohiya ng kanilang wika. Dahil dito, may mapagsisimulan mang gabay o manwal ng ortograpiyang maaaring magamit, kinakailangan pa rin ng mas malalim na pag-aaral sa katangian ng wika bago magsimulang suriin ang kasalukuyang borador na binuo ng komunidad.



Kagaya ng lahat ng pananaliksik, sisimulan ang pag-aaral sa ponolohiya sa pagsusuri ng mga naunang pag-aaral hinggil sa wika. Sa pagkakataong ito, dahil inaasahang kakaunti lámang ang mga naisagawang pag-aaral, maging ang mga hindi nalimbag na pag-aaral ay maaaring gamitin. Mahalaga ding kumpirmahin sa komunidad ang kawastuan ng datos sa mga pag-aaral na ito. Maaaring isagawa ang pagkumpirma o pag-double-check sa mga datos sa pamamagitan ng pagkakaroon ng paunang fieldwork bago magsagawa ng pormal na oryentasyon sa pagbuo ng ortograpiya. Sa fieldwork na ito, pupunta ang iláng mananaliksik ng KWF sa komunidad ng isang linggo bago ang oryentasyon (maaari ding mas maaga). Isang alternatibo sa fieldwork ang pagpapalawig ng oryentasyon mula 2–3 araw tungo 4–5 araw. Gugugulin ang idinagdag na 2–3 sa pagsusuri ng ponolohiya o ng kawastuan ng mga naunang pag-aaral kung mayroon man.

Sa gagawing pananaliksik, prioridad na pag-aralan ang imbentaryo ng ponema, kabuluhan o pagiging ponema ng diin, mga prosesong morpoponemiko. Aaralin din ang pinapaburang paraan ng pagsulat sa mga ingklitiko, mga tukoy na baryasyon sa tunog ng wika, at iba pang katangian at pag-uugaling may kaugnayan sa pagsusulat.

Kapag naaral na nang masinsin ang ponolohiya ng wika, susuriin na rin ang kasalukuyang borador ng ortograpiyang ginagamit ng wika. Dahil inaasahang mas maikli ang tradisyon sa pagsusulat sa mga wikang ito, posibleng walang grupo ng manunulat na tumatayong awtoridad sa paggamit ng wika, at kung mayroon man, malaki ang tiyansa na ang mga guro ito. Dahil dito, sa pagsasagawa ng oryentasyon, mas mahalaga ang pagtiyak na may sapat na kalahok ang lahat ng kasangkot o stakeholder ng wika. Makabubuti kung makakukuha ng kinatawan mula sa midya, lokal na pamahalaan, simbahan o mga relihiyoso sa pangkalahatan, mga guro, akademya, at mula sa iba-ibang tukoy na wikain o diyalekto nito.

Hulí, mahalaga na maidokumento ang naisagawang pagsusuri ng ponolohiya sa pamamagitan ng pagsusulat ng artikulo hinggil dito. Ang artikulo ay magsisilbing dokumentasyon ng saliksik, at sa pagsasapubliko nito, maaaring makakuha ang KWF ng feedback sa komunidad at sa akademya—na makatutulong sa pagtiyak ng kawastuan ng ortograpiya, at pagpapaunlad ng kakayahan sa pananaliksik ng mga kawani ng KWF.

Proseso	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Mas komprehensibong pananaliksik ng ponolohiya ng wika</li><li>2. Pagsuri ng kawastuan ng kasalukuyang ortograpiya batay sa ponolohiya ng wika, at tungo sa armonisasyon sa OP</li><li>3. Pagbuo ng manuskrito batay sa pagsusuri</li></ol>
---------	--

### c. Wikang walang tradisyon ng pagsulat

Gaya ng nabanggit sa itaas, mahahati pa sa dalawang uri ang mga wikang nasa ilalim ng kategoryang ito batay sa antas ng dokumentasyon na naisagawa sa mga wikang ito. Para sa mga wikang may mababang antas ng dokumentasyon, kinakailangan ding magsagawa ng malalim na pag-aaral sa ponolohiya ng wika. Sa pamamagitan ng paunang pag-aaral na ito, bubuo muli ng isang artikulo o sketch ng



ponolohiya nito na siyang gagamiting gabay sa pagbuo ng ortograpiya. Sa mga wikang may mas malawak na dokumentasyon, maaaring bumuo ng sketch mula sa mga naunang pag-aaral na naisagawa dito.

Sa kasalukuyan, bihira na ang mga wikang nasa ilalim ng kategoryang ito. Inaasahan din na ang kawalan ng kinagisnang ortograpiya, o maging ng bagong buong ortograpiya ay mangangahulugang walang emosyonal o maramdamang dahilan para tanggihan ang ortograpiyang mabubuo kasama ang KWF. Sa kabilang banda, maaaring senyales ang kawalan ng ortograpiya ng mababang antas ng edukasyon sa komunidad na nagdulot ng kawalan ng implementasyon ng MTB-MLE sa kanilang komunidad. Isa pang posibilidad ang panganganib o mahinang paggamit ng wika, bagay na nangangailangan ng mas malaking interbensiyon bukod pa sa pagbuo ng ortograpiya.

Gaya ng prosesong nabanggit sa mga naunang kategorya, bubuoin ang ortograpiya gamit ang mga natukoy na katangian ng ponolohiya ng wika, kasabay ang pag-aarmonisa nito sa OP. Tutukuyin ang mga sumusunod:

1. Mga Grafema—alpabeto at tuldik
2. Pagpapantig
3. Prosesong Morpoponemiko
4. Panghihiram ng Salita
5. Iba pang matutukoy na tuntunin

Gagawing priyoridad ang pagbuo ng mga tuntunin sa pinakasimpleng paraan na posible, malaki kasi ang posibilidad na mahihirapan sa pagsusulat nang mas mahahabang sanaysay ang komunidad. Para sa pagbuo ng buong manuskrito, kukuha ng manunulat o grupo ng manunulat (isa hanggang limang tao) na tututok dito.

Proseso	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Komprehensibong pananaliksik ng ponolohiya ng wika tungo sa pagbuo ng sketch ng ponolohiya nito</li><li>2. Pagbuo ng mga tuntunin batay sa sketch ng ponolohiya at OP</li><li>3. Pagbuo ng manuskrito ng mga manunulat batay sa mabubuong tuntunin</li></ol>
---------	---

#### Pagtugon sa mga Isyu

May mga pagkakataon na hindi tumutugma ang kaalaman ng KWF batay sa datos ng mga pananaliksik nito, at ang pinaniniwalaan ng komunidad hinggil sa kanilang wika. Sa ganitong kaso, ang solusyon ay dagdag na pagsusuri at pananaliksik hinggil sa usaping hindi pinagkakasunduan.

Sa ngayon, may dalawang uri ng usaping naengkuwentro ang KWF: una ay hinggil sa estado ng lengguwaheng ginagamit ng komunidad bílang nagsasariling wika o wikain ng mas malaking grupo, ang huli naman ay hinggil sa mga tuntunin na madalas ay bunga ng pagkakaroon ng umiiral na tradisyon ng pagsulat.



## Wika at Wikain

Isa marahil sa pinakakontrobersiyal na usapin sa pag-aaral ng wika sa mundo, at sa pangangasiwa ng mga ito ang hinggil sa pagtukoy kung ang pananalita o lengguwahe ng isang komunidad ay isang nagsasariling wika na may natatanging gramatika at gumagamit ng natatanging leksikon o mga salita; o kung ito ay isang wikain o diyalekto lámang ng isang grupo—naiiba kumpara sa mga kaugnay nitong wikain pero sa paraang hindi pa ito nakahahadlang sa maayos na komunikasyon.

Kung tutuusin, hindi likás na mali ang pagbuo ng ortograpiya para sa isang partikular na wikain lámang. Pero dahil sa limitadong pondo, mas binibigyang prioridad ng KWF ang pagbuo ng ortograpiya ng mga tukóy nang wika. Ito rin ang pangunahing dahilan ng paglalahok ng mga tuntunin at halimbawang kumakatawan sa iba-ibang wikain ng isang wika.

Noong 2016, naitala sa *Atlas* na may 130 wika na may di-tiyak na dami ng wikain. Ngunit, inaasahan na sa paglawak pa ng datos ng KWF hinggil sa mga wika ng Filipinas, may posibilidad na dumami pa ang bílang na ito, at ang isang wikain ay maaaring ituring na nagsasariling wika.

Sa iláng pagkakataon, maaaring manghingi ng tulong sa pagbuo ng ortograpiya ang komunidad na natukoy sa *Atlas* na nagsasalita ng wikain. Ang awtomatikong tugon dito ay susubukang isama sa pagbuo ang miyembro ng ibang kaugnay na wikain. Kung hindi ito sinasang-ayunan ng komunidad, magpapasagot ang KWF ng modipikadong talaan ng salita o wordlist ni Dr. Jesus Peralta upang masukat ang pagkakatulad ng salita at/o dami ng kogneyt ng dalawang wikain. Sa kasalukuyan, tentatibong nakatakda sa 80% o higit pang pagkakatulad ng salita para maituring na iisang wika lámang ang dalawang wikain. Kung hindi pa rin sang-ayon dito ang komunidad, kakailanganin nilang magbigay ng dagdag pang datos kung gugustuhin nilang bumuo ng sariling ortograpiya. Kung 79% pababa naman ang porsiyento ng pagkakatulad, ituturing na itong hiwalay na wika, at maaari nang magpatuloy sa pagbuo ng sarili nitong ortograpiya. Magsasagawa naman ng dagdag na pagsusuri dito ang KWF bago ito opisyal na maitalá sa *Atlas* bílang nagsasariling wika.


Kung mayroon nang ortograpiya ng wika ng isang wikain na humihingi ng tulong sa pagbuo ng ortograpiya, bukod sa pagpapasagot ng talaan ng salita, bibigyan din sila ng sipi ng kasalukuyang ortograpiya ng kanilang wika. Ipasusuri sa kanila ang ortograpiyang ito upang tingnan kung naiintindihan nila ito nang sapat. Kung oo, hindi na mangangailangan pa ng dagdag na ortograpiya.

Kung hindi naman maintindihan nang husto ng komunidad ang kasalukuyang ortograpiya, aaralin muli ang kanilang sitwasyon. Maaaring nangangahulugan ito na ang nasabing wikain ay maituturing nang hiwalay na wika. Upang mapag-aralan ito, magpapasagot ng talaan ng salita sa komunidad at mula dito ay pag-uusapan kung ano ang maaaring hakbang kaugnay ng pagbuo ng ortograpiyang magagamit ng komunidad. Iláng posibleng tugon dito ay pagsasalin ng ortograpiya sa kanilang wikain, o kaya ay pagbuo ng panibagong ortograpiya para sa kanila.



Sa mga kaso namang nagpapatulong sa pagbuo ng ortograpiya ang isang wikain na sa palagay ng kanilang komunidad ay nagsasariling wika, kakailanganing ihambing ang datos nila sa mga kaugnay na wikain. Kung wala pang nabuo o nasisimulang ortograpiya para sa kanila, at hindi madaling makipag-ugnayan sa ibang kaugnay na komunidad dahil sa layo nito, o kaya pangangailangan ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC), maaari nang simulan ang pagbuo ng ortograpiya at isabay dito ang pangangalap ng datos batay sa talaan ng salita. Hangga't maaari ay masuri ang kanilang sitwasyon, at makipag-ugnayan na sa ibang komunidad bago magsagawa ng konsultasyon hinggil sa mabubuong borador ng ortograpiya. Maaari namang ipagpaliban muna ang pagkausap sa ibang komunidad kung ang paunang pagsusuri ay magpakita na mistula ngang magkaibang wika ang dalawa. Ipapasa naman sa mga mananaliksik para sa *Atlas* ang tungkulin ng pagbabalida ng anumang pagsusuri na gagawin kaugnay nito.

Narito naman ang mungkahing proseso sa pagtugon sa isyung ito:



### Hinggil sa tuntunin at armonisasyon

Isa pang karaniwang isyu na kinakaharap ang hinggil sa paggamit ng iláng tuntuning nakabatay sa OP na sa palagay ng komunidad ay hindi akma sa kanilang wika. Sa mga naengkuwentro, madalas ay dala ito ng pagkakaroon ng kinagisnang paraan ng pagsulat. Maaari din namang dala ito ng katangian ng kanilang wika na wala sa Filipino at nangangailangan ng dagdag na simbolo.

Sa paglutas nito, susuriin ng KWF ang mga posibleng tuntunin at ihaharap sa komunidad sa konsultasyon ang kalakasan at kahinaan ng mga ito—tuntuning batay sa OP at tuntuning pinapaburan ng komunidad. Susubuking bumuo ng konsensus ng lahat ng kalahok, at gagamitin ang anumang tuntuning mapagkakasunduan ng lahat. Bibigyan din ng pagkakataon ang lahat na magbahagi ng kani-kanilang pananaw hinggil dito.



Narito ang iláng halimbawa:

A. Mga tuntuning hindi akma/tugma sa wika

Kadalasan, kapag itinuturing ng komunidad na hindi akma/tugma ang isang tuntunin sa kanilang wika, dulot ito ng pagkakaroon ng kinagisnang paraan ng pagsulat na may ibang pagtrato sa isang partikular na katangian ng nasabing wika. Minsan, impluwensiya ito ng hispanikong pagsulat, at minsan dahil sa binuong ortograpiya kasama ang iláng lingguwista. Ang magkakaiba at posibleng magkakasalungat na tuntunin ay hindi palaging usapin ng tama o mali, at bagama't sinusubukan ng KWF na imaksima o sagarin ang armonisasyon ng bawat ortograpiya, kailangan ding isaaalang-alang ang paggalang sa kagustuhan at kinasanayan ng komunidad. Lalo na at ang komunidad naman ang pangunahing gagamit ng ortograpiyang ito. Sa pagbalanse ng armonisasyon at ng paggalang sa komunidad, posibleng may mabubuon ortograpiya na hindi ganap na armonisado sa OP. Sa kabila nito, layunin pa ring makabuo ng lohikal, episyente, at madaling matutuhang ortograpiya para sa bawat wika ng bansa.

Hinggil sa pagdadagdag ng simbolo

Isa pang madalas na usapin sa pagbuo ng ortograpiya ang pagdadagdag ng simbolo para sa mga tunog at katangiang wala sa Filipino at sa OP. Gumagamit ang OP ng 28-titik na alpabetong Filipino, at apat na tuldik.

Aa <i>Ey</i>	Bb <i>Bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>dí</i>	Ee <i>l</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dyi</i>
Hh <i>eyts</i>	li <i>ay</i>	Jj <i>dyey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>El</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ññ <i>enye</i>	Ngng <i>endyi</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>Kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>Vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

Pangalan ng Tuldik	Simbolo	Kinakatawan
Pahilís	'	Pantig na may diin
Pakupyâ	^	Pantig na may diin at impit
Paiwà	`	Pantig na may impit pero walang diin
Patuldik	''	Schwa o pëpët; inilalagay sa itaas ng <e>

Para sa mga wikang mayroong natatanging ponema na wala pang katumbas na grafema sa OP, mahalaga ang pagdaragdag ng simbolo para dito sa kanilang ortograpiya. Ito ay upang magkaroon ng sapat na representasyon ang ortograpiya sa mga tunog at katangian ng nasabing wika. Ngunit kailangan din itong isagawa sa praktikal na paraan. Masusukat ang pagiging praktikal ng isang simbolo kung (1)



madali itong mapansin o makilala, ibig sabihin hindi ito kahawig ng ibang simbolo; at (2) madali itong isulat o i-encode sa computer. Dagdag pa rito, kailangan ding isaalang-alang kung mayroon nang kinagisnang simbolo ang isang komunidad na inaasahang mas madaling tatanggapin kung ito o kaya ay simbolong halaw dito ang ilalagay sa ortograpiya. Huli, kailangan ding tingnan kung paano isinusulat ang ponemang ito sa ibang wika sa bansa, bílang pagtiyak na sinusubukan pa ring imaksima ang armonisasyon.

Bílang buod, sa pagdaragdag ng simbolo, narito ang mga dapat isaalang-alang:

- (1) Ponema ba ang tunog o katangian na natukoy?
- (2) Praktikal ba ang simbolong nais gamitin ng komunidad?
- (3) Paano ito isinusulat noon? Kung may tradisyon ng pagsulat ang wika.
- (4) Paano ito isinusulat sa mga karatig-wika, at ibang wika sa bansa?
- (5) Iba pang kultural na pagsasaalang-alang.

\*\*\*\*\*